REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-114

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE NA HUMANAP NG MAPAGKUKUNANG PONDO PARA SA PAGPAPATAYO O PAGKAKAROON NG SARILING GUSALI ANG MUNTINLUPA POLYTECHNIC COLLEGE ALINSUNOD SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN BILANG 91-191 NA NAGTATATAG NG ISANG DALUBHASAAN O KOLEHIYO SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Roman E. Niefes
Kgg. Rufino B. Joaquin

************************************************************

SAPAGKAT, sa isang lumalaki at umuunlad na pamayanan tulad ng Bayan ng Muntinlupa, ang kolehiyo ay itinatag upang mapagsilbihan ang dumaraming mga mag-aaral na nagsisipagtapos sa mga mataas na paaralan nito;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ay binibigyan ng paunang pansin ang edukasyon na siyang mabisang daan ninuman para sa pansariling kaunlaran at magandang kinabukasan;

SAPAGKAT, tungkulin ng Pamahalaang Bayan na magkaloob ng mabuting edukasyon sa kanyang nasasakupan sa pamamagitan ng pagtatayo o pagtatatag ng mga institusyong pangkaalaman tulad ng Muntinlupa Polytechnic College na may magandang kwalidad at mataas na antas ng pagtuturo;

SAPAGKAT, ang Muntinlupa Polytechnic College simula ng pagkakatatag nito noong 1991 ay wala pang sariling gusali na matatawag at ang ginagamit na mga silid-aralan hanggang kasalukuyan ay ang mga gusaling pampaaralan ng Pedro E. Diaz High School;

SAPAGKAT, ang mga binabanggit na gusaling-pampaaralan ng Pedro E. Diaz High School ay magagamit kung magdadapithapon na at sa gabi lamang;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na binibigyan ng karapatan ang Punongbayan Ignacio R. Bunye na humanap ng mapagkukunang pondo para sa pagpapatayo o pagkakaroon ng sariling gusali ang Muntinlupa Polytechnic College alinsunod sa pinagtibay na Kapasiyahan Bilang 91-191 na nagtatatag ng isang dalubhasaan o kolehiyo sa Bayan ng Muntinlupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 93-114

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-64th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Nobyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

(Absent)
KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Absent)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan